Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula




Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2
## Paghahambing ng iba’t ibang Patalastas



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruel S. Zapanta, Aurelio B. Tubos Jr.
**Editor:**
**Tagasuri:** Loida V. Lingating, Nicelle May J. Perales
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang paghahambing ng iba't ibang patalastas. Buksan ang iyong puso at isipan sa panibagong pakikipagsapalaran sa mahiwagang mundo ng Asignaturang Filipino.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasasagot ang mga tanong sa napanood na patalastas.
  **( F4PD-IVf-89)**
- Nakapaghahambing ng iba't ibang patalastas na napanood.
  **(F4PD-IV-g-i-9 )**



# Balikan

Sa nakaraan ay natalakay ng guro mo ang kahalagahan ng pagsunod sa mga nakasulat na panuto.

Halika, magbalik-aral ka. Bibigyan kita ng maiksing pagsasanay upang maalaala mo ang kahalagahan ng wastong pagsunod sa panuto.

**PANUTO:** Isulat ang O kung opinyon at K kung katotohanan.

1. Nakabangon muli ang lahat ng naging biktima ng bagyong Yolanda.

2. Nasusukat ang katatagan ng mga Pilipino nang humagupit ang bagyong Yolanda.

3. Pinakamalakas ang bagyong Yolanda sa lahat ng bagyong dumaan sa ating bansa.

4. Malaki ang naging pinsala ng bagyong Yolanda.

5. Hindi pinatawad ng bagyong Yolanda maging mayaman man, mahirap man o matanda sa kaniyang pananalanta.



# Tuklasin

**Basahin at Pag-isipan.**

Ang pagbabasa ay karunungan, isa ito sa magandang panuntunan sa buhay ng isang mag-aaral, bakit di mo subukin? Kung wala kang libro sa bahay, maari mong gamitin ang mga lumang dyaryo o kahit anong babasahin, masasanay ka pang bumasa ng mabilis, madadagdagan pa ang iyong kaalaman, mahahasa pa ang iyong pang-unawa.

Halika! Basahin mo ang siniping balita sa pahayagan at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.

## Pamahalaang Lungsod Ng Quezon Namahagi Ng Computer sa City Jail

Upang madali at maging maayos ang paghahanap ng mga rekord ng mga preso sa Quezon City Jail, nagbigay ng dalawang computer set si QC Mayor Feleciano Belmonte Jr. sa mga opisyal ng nasabing piitan.

Tinanggap nina BJMP-NCR Director Chief Supt. Armando Llamasares at QC Jailwarden Supt. Ignacio Panti ang mga computers na magsilbing ‘notebook’ ng mga preso upang malaman ang kani-kanilang mga rekords.

Ayon kay Belmonte, sa computerized system na ito madaling malalaman kung ano ang mga estado ng mga bilanggo at mga kasong nakabinbin laban sa kanila.

Layunin din ni Belmonte na maibsan ang pagsisikip ng kulungan na kadalasang nagiging dahilan ng riot at pagkakasakit ng mga preso.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si Panti kay Belmonte sa pagbibigay nito ng prayoridad sa pangangailangan ng city jail.

1. Ano ang ibinigay ng pamahalaang Quezon City sa piitan ng kanilang siyudad?
2. Sino ang nagbigay at tumanggap nito?
3. Ano ang layunin ng Quezon City Mayor Belmonte sa computerized system na ito?
4. Sino ang nagpahayag ng pasasalamat kay Mayor Belmonte?
5. Kaninong proyekto ang management program na ito?



# Suriin

**Pag-aralan natin.**

Ang **Patalastas** ay isang uri ng komunikasyon na ginagamit para sa pagkakalakal. Isa itong paraan para ianunsiyo ang serbisyo o produkto sa anyong nakakaratula, maririnig sa radio, mapapanood sa telebisyon, at mababasa sa mga magasin at diyaryo.Ito ay maikling mensahe na nagpapabatid ng mahalagang impormasyon sa

- Gaganaping palatuntunan / iba pang Gawain
- Panawagan sa madla
- Kautusan ng paaralan.
- Pangangailangan sa hanapbuhay
- Nawawala

Layunin ng patalastas na hikayatin at himukin ang mga tao o kaya'y impluwensiyahin ang pag-iisip upang tangkilikin at gamitin ang partikular na produkto.

Kailangang maikli ang patalastas at maliwanag ang

mensaheng sumasagot sa tanong na Ano, Saan, at Kailan.

Mga Halimbawa ng patalastas:

NANGANGAILANGAN
Encoder
(lalaki/babae)

**Gulang**: 25-35 taong gulang
**Pinag-aralan**: Tapos ng Bokasyonal o dalawang taon sa kolehiyo. May kaalaman sa Computer.

Mag apply sa:
Tanggapan ng Piitang Lungsod Quezon City

“ Mabilisang Remedyo
“Natural Lahat”
“ Milagrong Gamot”

Mag-ingat sa mga sinasabing katulad nito!

PAUNAWA
Ipinapaalam sa lahat na ang TULAY NG DARANGAN
ay isasara sa Nobyembre 20-21,2019
( Sabado at Linggo)
Mula 11: 00 ng gabi hanggang 4:00 ng madaling araw
humingi po kami ng paumanhin at lubos na pang-unawa.

Maraming Salamat po…

Ang mga ito ay halimbawa ng ***patalastas*** kung saan nagpapabatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa pangangailangan sa hanapbuhay. Pansinin na ang patalastas na ito ay sumasagot sa tanong na ano, saan at kailan.

Mga iba pang halimbawa ng patalastas:

1. Mga nakikita sa lokal na telebisyon sa Pilipinas.
2. Mga billboard sa kahabaan ng EDSA at iba pang kalsada.
3. Mga nasa magasin na inilimbag sa Pilipinas.
4. Mga isponsor ng mga palabas ng mga Pilipino.



# Pagyamanin

A. Bumuo ng patalastas ukol sa sumusunod na mga sitwasyon.

May mga bisitang Hapones na dadalaw sa inyong paaralan. Maglilibot sila sa mga silid aralan.

MAG-AARAL A: Ano ang isusulat nating paksa?

MAG-AARAL B: “ May mga Bisitang Hapones na Dadalaw.”

MAG-AARAL A: Saan dadalaw ang mga bisitang Hapones?

MAG-AARAL B: Sa mga silid-aralan. Kailan sila dadalaw?

MAG-AARAL A: Sa Enero 13, 2020.

MAG-AARAL B: Buuin natin!

PATALASTAS

ANO:

SAAN:

KAILAN:



# Isaisip

Ang patalastas ay maikling mensahe na nagpapabatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa:

- Gaganaping palatuntunan/ iba pang Gawain
- Panawagan sa madla
- Kautusan ng paaralan / bayan
- Pangangailangan sa hanapbuhay
- Nawawala

Kailangang maikli ang patalastas at maliwanag ang mensaheng sumasagot sa tanong na Ano, Saan, at Kailan. Sa maayos na pagsulat ng patalastas , gamitin nang wasto ang mga sangkap sa pagsulat ng gaya ng maikling titik, bantas, pasok at palugit.



# Tayahin

**A. Panuto:** Basahin mo ang usapan sa ibaba pagkatapos ay sumulat ng patalastas. Gamitin mo ang kaalamang iyong natutuhan sa modyul na ito. Kaya mo yan kid, di ba? Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.



**B.** May mga paksang nakasulat sa kahon. Basahin ito at sumulat ng isang patalastas kaugnay sa paksang ito.

**PALIGSAHAN SA PAG- AWIT**


**WANTED MANANAHI**



# Karagdagang Gawain

A. Umisip ng dalawang patalastas na naiibigan mo. Paghambingin ang mga ito.

| Unang Patalastas | Pagkakaiba/ pagkakatulad | Pangalawang Patalastas |
| --- | --- | --- |



## RUBRIKS SA PAGSULAT NG PATALASTAS

| Pamantayan sa Paggawa ng Patalastas | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Nakakahikayat at kaagad na nakakuha ng atensiyon ang patalastas. | | | | | |
| 2. Malinaw ang pagkakalahad ng mensahe. | | | | | |
| 3. Mahusay, praktikal at kaakit-akit ang patalastas. | | | | | |
| 4. May kaugnayan sa tema. | | | | | |
| 5. Mahusay na nakapaglahad ng impormasyon gamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa. | | | | | |
| Kabuuang puntos: | | | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**TUKLASIN:**

1. Dalawang computer set ang ibingay ngpamahalaang
 Ng Quezoncity sa piitan ng kanilang siyudad.
2. Si Mayor Belmonte ang nagbigay nito at tinanggap nina BJMP Direktor Chief Supt. Armando Llamasares
3.Dahil sa computerized system na ito, madaling malaman kung anon a ang estado ng mga bilanggo at mga kasong nakabinbin sa kanila.
4. Nagpahayag ng ng pasasalamat si Jailwarden Supt. Ignacio Panti kay Mayor Belmonte sa pagbibigay niya ng prayoridad sa pangangailangan ng City Jail.
5. Ang proyekto ng management program ay sama-samang proyekto ng Supreme Court, BJMP, HumanizationLegal Assistance, Foundation.

**BALIKAN:**

1. O
2. O
3. K
4. K
5. K

**PAGYAMANIN:**

ANO: May mga Bisitang Hapones na dadalaw.

SAAN: Sa mga silid aralan.

KAILAN: Enero 13, 2020

**TAYAHIN:**

A. Nakadepende sa kaalaman ng mag-aaral.
B. Nakadipende sa kaalaman ng mag-aaral

**Karagdagang Gawain:**

Nakadipenda sa mag-aaral ang sagot.

# Sanggunian

Department of Education. *Filipino learners' guide 4*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino teachers' guide 4*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.